April 27, 2020

Sa mga magulang ng Elementary at
Junior High school

Hekinan City Lupon ng Edukasyon
Shinkawa Principal Sumiya Taketora

# Tungkol sa muling paglawak ng pansamantalang panahon ng pagsasara

Pagbati sa magandang araw ng Tagsibol, Nais naming ipahayag ang taos-pusong pasasalamat sa inyong patuloy na pagsuporta sa Edukasyon ng Hekinan City.

Sa nakaraang araw, inihayag namin ang pansamantalang panahon ng pagsasara ng Elementary at Junior high school batay sa sitwasyon ng pagkalat ng impeksyon na Bagong Coronavirus. Dahil sa wala pang palatandaan na kalmado na ang estado tungkol sa Bagong Coronavirus, napagpasyahan na muling pahabain ang pansamantalang panahon ng pagsasara para sa kaligtasan ng mga bata. Hinihiling namin na ipagpatuloy na pigilan ang mga hindi kinakailangang paglabas, at biglaang paglabas sa maraming tao hanggang sa humupa ang sitwasyon. Hinihiling namin na bigyang-pansin ang kalusugan ng mga bata at iwasan ang pagkalat impeksyon.

Depende sa hinaharap na mga kondisyon sa lipunan, maaaring may mangyaring karagdagang pagbabago sa iskedyul kaya`t mangyaring bisitahin ang website ng paaralan o email na galing sa paaralan.

## Tandaan

1 Pinahaba ang pansamantalang panahon ng pagsasara

<u>Hanggang May 31, 2020 (Linggo)</u>、ang pagpapalawak ng pansamantalang pagsasara

2 At Iba Pa

- Ang paaralan ay naka-iskedyul magsimula sa June 1, 2020 (Lunes). Sa hinaharap, ipapaalam namin sa inyo ang tungkol ng pagpasok sa paaralan at petsa ng pagsisimula ng tanghalian kapag nagsimula na ulit ang paaralan.
- Ang mga aktibidad sa Club sa Junior high school ay kanselado sa panahon ng pansamantalang pagsasara.
- Kung mayroong anumang mga malubhang kaso tulad ng impeksyon sa Bagong Coronavirus o aksidente sa inyong anak o pamilya sa pansamantalang pagsasara, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan.
- Upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyong Bagong Coronovirus, mangyari sanang pigilan ang paglabas sa darating na Golden Week at ang mga Home parties kasama ang mga kaibigan.